Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-4 NA ESPESYAL NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG 09 SETYEMBRE 2009, 10.30 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis - Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi
Konsehal Cesar T. Baticos
Konsehal Jocelyn G. Solabo
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Bernabe S. Mortel
Konsehal Edren Y. Faderon
Konsehal Napoleon M. Dimapilis
Konsehal Rufino D. Lumbres - Pangulo, Liga ng mga Barangay
Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q Sarmiento – MSKF President

Hindi Nakadalo: WALA

KAPASYAHAN BLG. 050
Taong 2009

KAPASYAHANG NAGPAPAABOT NG TAUSPUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG YUMAONG NAGING KAGAWAD NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO, **KGG. CLETO T. ESTRADA**.

SAPAGKAT, ang pagpanaw ng isang taong naging kasama sa gawain at iginagalang na ama ng tahanan ay labis na ipinagdaramdam ng kanyang mga naiwan;

SAPAGKAT, si G. Cleto " Nong Dodoy" T. Estrada ay nagsilbi bilang Punong Barangay ng Barangay San Mariano at naging Kagawad ng Sangguniang Bayan at sa panahong ito ay nagpamalas ng dedikasyon sa paglilingkod para sa kabutihan ng mga mamamayan;

SAPAGKAT, bilang isang kagawad, ipinakita niya ang tapang at lakas ng loob sa pagsuporta at pagtatanggol sa mga gawaing nagsasabatas at naglalayong paunlarin at itaguyod ang kapakanan ng nakararaming mamamayan,

SAPAGKAT, sa panahong ito ng panunungkulan, nagpamalas siya ng pagmamahal sa tungkulin, sa pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan sa mga mamamayan, pagdinig at pag-unawa sa mga pangangailangan ng mga ito para sa maunlad at matiwasay na pamumuhay;

SAPAGKAT, sa kanyang mga kasabay sa gawain, sa kanyang komunidad at sa mga taong pinaglingkuran, si "'Nong Dodoy" tulad ng nakagawiang tawag sa kanya, ay naging mabuting kasama, kaibigan at lingkod-bayan at ang kanyang paglisan ay ipinagdadalamhati ng mga naiwan;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng bayang ito, ang mga namumuno at mga kawani ay nagpapaabot ng pakikiramay at pakikidalamhati sa kanyang naiwang pamilya sa pagpanaw ng isang lingkod-bayan, Kgg. Cleto T. Estrada.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng lahat

IPINASYA tulad ng pagpapasiyang ito na ipaabot sa pamilya ng yumaong naging konsehal ng bayang ito, Kgg. Cleto T. Estrada ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro.

IPINASYA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang pamilya ng namayapang Kgg. Cleto T. Estrada lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay ng lahat : 09 September 2009

PINATUTUNAYANG WASTO:

FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:

VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

mer:z/091109